

## THE BEAT

## Ang Misyon ng Diyos

## WARM-UP

- Aling mga bansa ang gusto mong bisitahin? Bakit ito ang mga napili mo?
- Gumanap ka na ba ng isang bahagi sa isang pagtatanghal sa entablado? Ano ito?
- Ikuwento ang isang pagkakataon na naramdaman mo na kasali ka o hindi kasali sa isang grupo. Ano ang nangyari?

## WORD

*<sup>26</sup>Pagkatapos, sinabi ng Diyos, “Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang.” <sup>27</sup>Kaya nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae ayon sa wangis niya. <sup>28</sup>Binasbasan niya sila at sinabi, “Magpakarami kayo para mangalat ang mga lahi ninyo at mamahala sa buong mundo. At pamahalaan ninyo ang lahat ng hayop.”* **GENESIS 1:26-28**

Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang imahe o wangis. Dahil dito, ang tao ay nagpapakita ng kapangyarihan, katalinuhan, at karangalan ng Diyos. Bilang mga nilalang na nilikha ayon sa imahe Niya, ginawa ng Diyos ang sangkatauhan na may orihinal na misyon na ipalaganap ang Kanyang dakilang karangalan sa buong mundo. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang katotohanang ito.

**1****May misyon na ang Diyos sa simula pa lamang.**

*<sup>26</sup>Pagkatapos, sinabi ng Diyos, “Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang.”*

*<sup>27</sup>Kaya nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae ayon sa wangis niya. **GENESIS 1:26,27***

Ayon sa pagkalikha ng Diyos, ang layunin ng tao ay hindi natatapos sa hangganan ng buhay niya. Dahil ang tao ay nilikha sa Kanyang wangis o imahe, nais Niya na ipakita natin ang Kanyang karangalan (2 Corinto 3:18). Ibinigay din Niya sa sangkatauhan ang pamamahala sa lahat ng nasa ibabaw ng mundo at ang awtoridad sa lahat ng bagay sa mundo na may buhay. May misyon na ang Diyos bago pa man Niya nilikha ang unang tao. Paano nito naaapektuhan ang layunin na mayroon tayo sa Diyos?

---

---

---

---

## 2 Ang misyon ng Diyos ay para sa buong mundo.

*<sup>28</sup>Binasbasan niya sila at sinabi, "Magpakarami kayo para mangalat ang mga lahi ninyo at mamahala sa buong mundo. At pamahalaan ninyo ang lahat ng hayop."* **GENESIS 1:28**

Sa simula pa lamang, ang misyon ng Diyos ay punuin ang buong mundo ng Kanyang karangalan. Dahil dito, inutusan ng Diyos ang tao na *magpakarami para mangalat ang mga lahi nila at mamahala sa buong mundo*. Sa misyon ng Diyos, ang bahagi na mayroon ang sangkatauhan, na nilikha Niya ayon sa Kanyang imahe, ay ang ipalaganap ang Kanyang dakilang karangalan sa buong mundo. Ano ang itinuturo nito tungkol sa katangian ng Diyos? Paano nito maaapektuhan ang paraan ng pamumuhay natin?

.....

.....

.....

.....

### APPLICATION

- Alam mo na ba ang papel na dapat mong gampanan sa misyon ng Diyos dito sa lupa? Gusto mo bang manampalataya sa Diyos ngayon?
- Ikaw ay nilikha ayon sa wangis o imahe ng Diyos. Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang pagpalain ang dalawang tao sa paligid mo (kaibigan, katrabaho, o kapamilya) at ipakita sa kanila ang katangian ng Diyos?
- Paano mo matutulungan ang iba upang makita ang layunin ng Diyos na mayroon tayong lahat? Hingin sa Diyos ang mga paraan upang maibahagi ang Salita Niya sa mga kapamilya at kaibigan mo ngayong linggo.

